

KAHIT ISANG SUNTOK AY SOBRA

Ikaw ba o sinumang taong malapit sa iyo ay nakaranas ng bayolente sa loob ng pamilya? Ikaw ba ay nabalisa, nagalit o natakot? Napag-isipan mo ba kung ano ang iyong gagawin at kanino ka maaaring humingi ng tulong? Kailangan mo ba ng tulong, suporta at payo? Ibig mo bang makipag-usap tungkol sa karanasan sa bayolente sa taong may batid at alam kung ano ang dapat gawain at may pusong marunong makinig at mag-unawa? Kung ito ang ibig mo ay basahin nang maayos ang mga nakasulat.

Ano ang bayolente na nagaganap sa relasyon?

Ang nagaganap na bayolente sa relasyon halimbawa ay sa pamilya ay maaaring sa pangangatawang pananakit – panunulak, panununtok at pangseksuwal na bayolente. Ito rin ay maaaring pang-emosyonal – pagtawag ng ibang pangalang masama, paninirang-puri, pananakot at pambabanta. Sa relasyong ito ang bayolente ay maaaring maganap din sa pamamagitan ng pagkulong sa loob ng sariling bahay na walang pagkain at pera at alisan ng karapatang makipagkontak sa labas ng pamamahay. Ang bayolente rin ay maaaring sa pamamagitan ng pagsira ng ari-arian o sa pangbablak-meil.

Ang bayolente ay nakalulungkot na pangkaraniwang pangyayari. Kadalasan ang may kagagawan nito ay karaniwang lalaki. Siya ay maaaring asawa- o kinakasama ng biktima, nobyo, kapatid, o lalaking maygulang, walang asawa at nakatira pa sa pamamahay ng magulang. Ang biktima ng bayolente kadalasan ay babae: ang asawa- o kinakasama sa bahay, nobya, kapatid o sariling inang matanda na. Maliit lang na bahagi ang nagaganap na bayolente na ang may kagagawan ay babae.

Ang ibubunga ng naganap na bayolente sa biktima ay napakasakit. Kung gaano kadalas ang tao makaranas ng bayolente ay mas matindi ang mga pinsala – dalamhati, tiis, dusa, hindi ligtas at walang pag-asang mga damdamin, matamlay, hindi nailabas na pagkasuklam, mga pang-isipang suliranin, mga hindi wastong paggamit ng mga bagay na nakalalasing/ nakalalango at iba pa.

Ngunit palaging may pag-asa. Maaaring maayos at mahinto ang pagiging bayolente. May maraming nakayanang iwanan ang relasyong may bayolente. Ang may kagagawan ng bayolente ay nahimok na sumali sa programang- pagpagaling kung saan ang kanyang pagiging bayolente ay napag-usapan at nabigyan ng lunas at siya ay gumawa ng pasiya na putulin ang pagkabayolente. Pagkatapos, ang relasyon na naputol ay mabibigyan uli ng maganda, malusog at ligtas na pananimula.

Ang bayolente

Sa tanggapan ng estatistika sa taong 1998 na ipinaglahad na may pananaliksik, ayon sa kanila ay may 40 porsiyento sa finish na kababaehan ang may karanasan sa ginawa ng lalaki na pangangatawan o seksuwal na uri ng bayolente o pagbabanta. Halos ika-lima sa mga kababaehang kasali sa pananaliksik ay nagkuwento na mayroong karanasan sa pangangatawang bayolente sa kasalukuyang relasyon. Sa mga nakaraang mga taong pananaliksik ay may 90 000 mga kababaehang merong naging karanasan sa bawat uri ng pangangatawang bayolente.

Sa pamilyang may bayolente ay maaapektuhan din ang bata

Ang bayolenteng pananakit sa ina ay may malaking panganib rin na masaktan ang bata. Ang bata ay ginagamit din na kasangkapan na pangdiin. Ang pagsaksi sa paglalaban na mangyari ay makakasama sa bata. Maaaring pasanin niya ng maraming taon sa kalooban ang sugat na natamo sanhi ng iyak ng ina na gawa ng away at pananakit ng ama. Kaya sa dahilang ito ang bayolente sa pamamahay at ang mga taong nakaranas nito ay magiging biktima ng bugbog o nambugbog. Ngunit, ito ay hindi kailangang maging ganito. Ang siklo at ikot ng pambubugbog ay maaaring putulin.

Walang sinumang may karapatang gumamit ng dahas

Ang pagiging bayolente ay walang binabatayan. Ang pagbabantang paghihiwalay, pagseselos, pagkatakot na iwanang mag-isa, pagtanggì sa pakikipagseks, mahirap na dinanas na buhay noong bata pa, kalagayang gipit sa pera o sa pagtira sa masikip na tirahan ay hindi nagbibigay ng katarungang gumamit ng dahas. Kahit isang suntok ay sobra.

Ang pagiging bayolente ay krimen

Ang taga-usig ay maaaring magsampa ng sakdal sa nangyaring bayolente na naganapsa bahay kahit na ang naging biktima nito ay hindi gumawa at ipaalam ang naganap na pangyayari o maghiling ng kaparusahan sa gumawa ng bayolente. Gayunman, ang pananakit na uri ng bayolente na mga naganap sa pangpribado at pangpublikong pook ay pormalidad na masasampahan at maisasakdal na uri ng krimen. Kailangang maipa-alam ang nagawang bayolente sa polisiya.

Ang batas sa kabawalan ng paglapit ay naging balido sa taong 1999. Ang pakay nito ay mahadlangan ang paggawa ng krimen at mapabuti ang maagang pakiki-alam sa malalang kaguluhan at sa mapanganib na kahihinatnan ng bayolente. Sa taong inutusan ng kabawalan ng paglapit ay hindi maaaring makipagkita sa ipinagtatanggol na tao at ipinagbabawal rin ang pakipag-usap sa kanya. Siya rin ay hindi maaaring sumunod o sumubok sa ipinagtatanggol na tao. Ang kabawalan ng paglapit ay maaaring makuha sa polisiya o mismong sa hukuman. Ang taong napatunayang gumawa ng bayolente o nagbanta ay maaaring pagbawalang manatili sa mga piling pook, halimbawa ay sa pamamahay o sa pinapasukang trabaho ng taong ipinagtatanggol at sa paligid nito. Matatagpuan ang karagdagang impormasyon sa adres sa internet www.poliisi.fi.

Humingi ng tulong

Ang bayolente ay hindi mapuputol o mahihinto ng sa sarili lang. Sa dahilang ito ang naging biktima nito ay kinakailangang humingi ng tulong. Kahit na ang bayolente ay hindi nagyayari sa araw-araw, ngunit ang panganib ay kasalukuyang dinarama. Kung ang siklo at ikot ng bayolente ay hindi maputol, maaaring maging lalong mapanganib at malupit at gagawing paulit-ulit ang pananakit.

Maaaring mabigyan ng tulong ang naging biktima at ang gumawa ng bayolente. Tumawag at makipagkita upang makipag-usap sa mga taong may alam at batid. Maaari ninyong pag-isipan kung anong uri ng tulong ang kailangan mo at ng taong malapit sa iyo. Ang iyong kinabukasan at katahimikan sa pamamahay ang mahalaga. Bawat tao ay merong karapatang mamuhay ng walang bayolente.

Mga numero ng teleponong mahihingan ng tulong sa buong bansa:

Panglahat na numero sa emerhensiya 112

Numero ng polisiya 100 22

Numero para sa biktima ng krimen 0600-16116

Numero para sa biktima ng krimen – Payo ng abogado 0600-16117

Kagipitang-sentro ng panggagahasa Suportang pangbabae Tukinainen 0800-97899

Kagipitang-sentro ng panggagahasa Suportang pangbabae – Payo ng abogado 0800-97895

Numero sa hindi nanununtok 612 662 12

Numero sa Jussi at ng Pansimula- at mga Bahay kanlungang kapisanan ng mga bahay kanlungan, magtanong sa (09) 454 2440

Walang- bayolenteng kapisanan payo sa telepono (09) 726 1600

Asosasyong ng maraming kultura Monika ry (09) 4114 8700

Sa palusugang pambayang malapit sa pook ninyo, pampamilyang tagapayo o sa tanggapang sentro ng pampamilyang nakikipagnegosasyon

KAHIT ISANG SUNTOK AY SOBRA!

Itong uhilya ay matatagpuan sa internet: www.vakivalta.net

Ito ay inilimbag ng:

Mga naging biktima ng bayolente at gawaing paghadlang sa prostitusyon

Stakes, PL 220, 00531 Helsinki

Tel. (09) 39 671, telefax (09) 3967 2201